CIVIL SERVICE COMMISSION
Republic of the Philippines

Patalastas Blg. ___2___, s. 2022

# PATALASTAS

**SA : LAHAT NG PINUNO NG MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYONAL, MGA KAGAWARAN AT AHENSIYA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN, AT PAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO**

**PAKSA : PARTISIPASYON SA MGA TIMPALAK NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), ang institusyon ng pamahalaan na nilikha upang magsagawa, mag-ugnay, at magtaguyod ng mga pananaliksik para sa pagpapaunlad, pagpapalaganap at preserbasyon ng Filipino at ng iba pang mga wika sa Pilipinas, ay malugod na nag-aanyaya sa mga kinauukulan na makilahok sa sumusunod na timpalak sa taong 2022.

- **TALAANG GINTO: MAKATA NG TAON 2022.** Ito ay isang patimpalak sa pagsulat ng tula na itinaguyod ng KWF na naglalayong pasiglahin at pataasin ang uri ng panulaang Filipino sa pamamagitan ng pagkilala sa mga batikan at baguhang talino at tinig sa sining ng tula. Dedlayn: **28 PEBRERO 2022, 5:00 nh.**

- **DANGAL NG PANITIKAN 2022.** Ito ay mataas na pagkilala sa naiambag sa panitikang Pilipino o lifetime achievement award. Binibigyang-pagpupugay nito ang natatanging manunulat na nagpakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa Filipino at iba pang wikang panrehiyon o panlalawigan. Dedlayn: **24 PEBRERO 2022, 5:00 nh.**

- **TIMPALAK JACINTO SA SANAYSAY 2022.** Ito ay isang timpalak sa pagsulat ng sanaysay para sa mga kabataang nasa baitang 7 hangang 11, lalaki man o babae. Ang paksa ng susulating sanaysay ay nakaangkla sa tema ng Buwan ng Wika 2022. Papaksain ang hinggil sa pagmamalaki sa ating mga ninuno at mayamang pamanang kultural. **Dedlayn: 22 Hunyo 2022, 5:00 nh.**

- **SANAYSAY NG TAON 2022.** Ito ay taunang timpalak ng KWF na naglalayong himukin ang mga natatanging mananaysay ng bansa, na ilahok ang kanilang mga akda. Ang paksa ng sanaysay ay maaaring ialinsunod sa

tema ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2022. Maaari din namang pagbabantayog sa pag-unawa at damdamin ng pagmamalaki sa ating mga ninuno at mayamang pamanang kultural sa porma ng panitikan, wika, mga sining at iba pang manipestasyong kultura. Dedlayn: **20 HUNYO 2022, 5:00 nh**.

- **KAMPEON NG WIKA 2022.** Ito ay mataas na pagkilala sa mga indibidwal o pangkat na nag-ambag sa pagpapaunlad at pagtataguyod ng alinmang sa mga katutubong wika ng Pilipinas o ng Filipino at nagpamalas ng pagsusulong at pagsasakatuparan ng kanilang mga adbokasiyang pangwika. **Dedlayn: 1 HULYO 2022, 5:00 nh.**

- **DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2022.** Ito ay mataas na pagkilala sa mga indibidwal samahan, tanggapan, institusyon o ahensiyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa tungo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong at preserbasyon ng wikang Filipino. Dedlayn: **27 HUNYO 2022. 5:00 nh.**

- **GAWAD JULIAN CRUZ BALMASEDA 2023.** Ito ay ang pinakamataas na pagkilala na handog ng KWF para sa natatanging tesis at disertasyon sa agham, matematika, agham panlipunan at iba pang kaugnay na larang gamit ang wikang Filipino. Ang ilalahok na tesis at/o disertasyon ay naipagtanggol at naipasa sa mga taong 2021 hangang 2022. Dedlayn: **14 OKTUBRE 2022, 5:00 nh.**

Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN)** sa telepono blg. 0928-8441349 o mag sulatroniko sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

**ATTY. AILEEN LOURDES A. LIZADA**
Nakatataas na Komisyonado*

**1 Marso 2022**

*Alinsunod sa Seksyon 15, Aklat V, Atas Tagapagpaganap Blg. 292 (*Ang Kodigong Administratibo ng 1987*).